File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-247

**KAPASYAHANG PAGKILALA AT PASASALAMAT SA PAGTULONG NG MGA VOLUNTEER NURSES SA MUNICIPAL HEALTH OFFICE SA KANILANG ISINAGAWANG PAGBABAKUNA NG COVID-19 VACCINES NOONG NAKARAANG AGOSTO 2 HANGGANG 6, 2021 SA MUNICIPAL GYMNASIUM, POBLACION, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na sa kabila ng pinansyal na pagsubok at kakulangan sa pamumuhay ay mapalad pa rin sa pagkakaroon ng mga indibidwal na mayroong kanais-nais at positibong karakter na siyang nagbibigay inspirasyon at pag-asa sa progresibo at matiwasay na komunidad;

**"SAPAGKAT,** noong nakaraang Agosto 2 hanggang 6, 2021 ay isinagawa ng Municipal Health Office (MHO) sa Municipal Gymnasium ang kanilang pambayang pagbabakuna ng COVID-19 vaccines para sa mga Bulalacaonon na nagnanais na magkaroon ng proteksyon laban sa COVID-19;

**"SAPAGKAT,** dahil dinagsa ng mga Bulalacaonon ang nasabing pagbabakuna, hindi naging sapat ang mga empleyado ng MHO upang matugunan ang maayos na daloy ng pagbabakuna, dito umusbong ang kabutihang-loob ng mga volunteer nurses mula sa iba't-ibang sektor ng pamahalaan ng ating bayan;

**"SAPAGKAT,** ang mga masisipag at huwarang volunteer nurses na taus-pusong tumulong at naglaan ng oras sa pagbabakuna ay sina Bb. Abegail Clavo, Bb. Jenifer L. Cantos, Bb. Teresa Bantugan, Bb. Airene Tayag, Bb. Dexie Grace Adap, Bb. Kristine Abegail Andres, Bb. Rebecca M. Pohe, Bb. Irene R. Familara, Bb. Isabel Murcia at G. Ardian C. De Guzman;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay lubos na nagpapasalamat at kinikilala ang maigting na pagtulong ng mga nabanggit na volunteer nurses sa pagbabakuna ng MHO na siyang nagpapakita na ang pagkakawang-gawa at kabutihan ay buhay at nanatili sa bayan ng Bulalacao; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin at pasalamatan ang pagtulong ng mga volunteer nurses sa Municipal Health Office sa kanilang isinagawang pagbabakuna ng COVID-19 vaccines noong nakaraang Agosto 2 hanggang 6, 2021 sa Municipal Gymnasium, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Jess V. Sapungan na pinangalawahan ni SB Member Elpidio N. Contreras, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":** Agosto 16, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER A. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 08, 2021

250821/BMS/admm

Scanned with CamScanner